PAHAYAG SA IMPORMASYON TUNGKOL SA BAKUNA

# Trangkaso (Flu) Bakuna (Inactivated o Recombinant): *Ano ang kailangan mong malaman*

**Marami sa pahayag sa impormasyon tungkol sa bakuna ay available sa Spanish at sa iba pang wika. Bumisita sa www.immunize.org/vis**

**Hojas de información sobre vacunas están disponibles en español y en muchos otros idiomas. Visite www.immunize.org/vis**

## 1. Bakit dapat magpabakuna?

Kayang pigilan ng **bakuna sa trangkaso (influenza vaccine)** ang **trangkaso.**

Isang nakakahawang sakit ang **trangkaso** na kumakalat sa United States taon-taon, kadalasang sa pagitan ng Oktubre at Mayo. Kahit sino ay pwedeng magkatrangkaso, pero mas mapanganib ito para sa ilang tao. Ang mga sanggol at bata, edad 65 pataas, buntis, at may partikular na kondisyon sa kalusugan o may mahinang immune system ay mas malaki ang panganib na magkaroon ng mga komplikasyon sa trangkaso.

Ang mga halimbawa ng mga komplikasyong nauugnay sa trangkaso ay pneumonia, bronchitis, impeksyon sa sinus, at impeksyon sa tainga. Kung ikaw ay may mga medikal na kondisyon, tulad ng sakit sa puso, kanser, o diabetes, pwedeng palalain ng trangkaso ang mga ito.

Maaaring magdulot ang trangkaso ng lagnat at pangangaligkig, pananakit ng lalamunan, pananakit ng kalamnan, pagkahapo, ubo, pananakit ng ulo, at matinding sipon o baradong ilong. Sa ilang tao, maaaring may kasamang pagsusuka at pagtatae, bagaman mas karaniwan ito sa mga bata kaysa sa mga adulto.

Sa katamtaman taon-taon, **libo-libo ang namamatay sa United States dahil sa trangkaso,** at mas marami pa ang naoospital. Sa pamamagitan ng bakuna sa trangkaso, naiiwasan ang milyon-milyong pagkakasakit at pagpapatingin sa doktor taon-taon kaugnay ng trangkaso.

## 2. Mga bakuna sa trangkaso

Inirerekumenda ng CDC na lahat ng 6 na buwang gulang pataas ay dapat magpabakuna tuwing panahon ng trangkaso. **Ang mga batang 6 na buwan hanggang 8 taong gulang** ay maaaring kailangang maturukan ng 2 dosis sa isang panahon ng trangkaso. **Ang lahat ng iba pa** ay 1 dosis lang ang kailangan sa bawat panahon ng trangkaso.

Tatagal ng mga 2 linggo bago mag-develop ang proteksyon pagkatapos mabakunahan.

Maraming klase ng virus ng trangkaso, at laging nagbabago ang mga ito. Bawat taon, may ginagawang bagong bakuna sa trangkaso na pamprotekta laban sa mga virus ng trangkaso na pinaniniwalaang malamang na magdulot ng sakit sa paparating na panahon ng trangkaso.

Kahit hindi eksaktong katugma ng bakuna ang mga virus na ito, maaari pa rin itong makapagbigay ng ilang proteksyon.

**Hindi nagdudulot ng trangkaso** ang bakuna sa trangkaso.

Maaaring ibigay ang bakuna sa trangkaso kasabay ng iba pang bakuna.

## 3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong provider ng bakuna kung ang isa na tatanggap ng bakuna ay:
- Nagkaroon ng **allergic reaction pagkatapos ng nakaraang dosis ng bakuna sa trangkaso,** o may anumang **malala at posibleng ikamatay na mga allergy**
- Nagkaroon ng **Guillain-Barré Syndrome** (tinatawag ding "GBS")

Sa ilang kaso, maaaring ipasya ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang pagbabakuna laban sa trangkaso hanggang sa susunod na pagbisita sa hinaharap.

Pwedeng iturok ang bakuna sa trangkaso anumang oras sa panahon ng pagbubuntis. Ang mga taong buntis o mabubuntis sa panahong uso ang trangkaso ay dapat makatanggap ng inactivated na bakuna sa trangkaso.



U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

Pwedeng mabakunahan ang mga taong may hindi malubhang karamdaman na gaya ng sipon. Kadalasan nang kailangang maghintay munang gumaling ang mga taong may mahina o malalang karamdaman bago tumanggap ng bakuna sa trangkaso.

Mabibigyan ka ng higit pang impormasyon ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## 4. Mga panganib ng reaksyon sa bakuna

- Maaaring mangyari ang pananakit, pamumula, at pamamaga sa bahaging pinagturukan, lagnat, pananakit ng kalamnan, at pananakit ng ulo pagkatapos mabakunahan para sa trangkaso.
- Maaaring magkaroon pero napakaliit na pagtaas ng panganib ng Guillain-Barré Syndrome (GBS) pagkatapos mabigyan ng inactivited na bakuna sa trangkaso (flu shot).

Ang mga batang tatanggap ng bakuna sa trangkaso kasabay ng bakuna sa pneumococcal (PCV13) at/o bakuna sa DTap ay may maliit na posibilidad na magkakombulsyon na dulot ng lagnat. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung nakaranas na ng kombulsyon ang isang bata na tatanggap ng bakuna sa trangkaso.

Kung minsan nawawalan ng malay ang mga tao pagkatapos ng medical procedure, kabilang na ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong provider kung makaramdam ka ng pagkahilo o pagbabago sa paningin o pag-ugong ng mga tainga.

Gaya ng kahit anong gamot, may napakaliit na posibilidad na magdulot ang bakuna ng matinding allergic reaction, at iba pang malubhang pinsala, o pagkamatay.

## 5. Paano kung magkaroon ng malubhang problema?

Maaaring mangyari ang allergic reaction pagkaalis sa klinika ng taong nabakunahan. Kung may makita kang mga sinyales ng malalang allergic reaction (pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, at mabilis na pagtibok ng puso. pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin kaagad ang taong ito sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang sinyales na ipinag-aalala mo, tumawag sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat ireport ang mga malalang reaksyon sa Vaccine Adverse Reporting System (VAERS). Kadalasang ipa-file ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang report na ito, o pwedeng ikaw mismo ang gumawa nito. Bumisita sa website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lang sa pagre-report ng mga reaksyon, at hindi nagbibigay ng medikal na pagpapayo ang tauhan ng VAERS.*

## 6. Ang National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang programa ng pederal na itinatag para magbayad sa mga taong napinsala ng partikular na mga bakuna. Ang mga claim ng mga di-umano'y pagkapinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa panahon para sa pag-file, na maaaring kasing-ikli lang ng dalawang taon. Bisitahin ang website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation o tawagan ang **1-800-338-2382** para alamin pa ang tungkol sa programa at tungkol sa pag-file ng claim.

## 7. Paano ako makakuha ng higit pang impormasyon?

- Magtanong sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tawagan ang iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga vaccine package insert at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tawagan ang **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/flu.

Tagalog translation of Influenza, Inactivated VIS provided by California Department of Public Health, Immunization Program